

# Pahayagan ng Yaizu

TAGALOG(タガログ語)

APRIL (4 月 Shi gatsu) / 2024 (令和 6 年 Reiwa 6 nen) / ¥ 〇



Yaizu City Hall (YAIZU SHIYAKUSHO)  
 Seksyon ng Tangkagal sa Pakikipagtulungan (Kyodo Suishin-ka)  
 〒425-8502 Yaizu-shi Honmachi 2-16-32 Yaizu City Hall Main branch 3F  
 TEL: 054-626-2191 <http://www.city.yaizu.lg.jp>



QR code



**Iskedyul ng Interpreter** 【Munisipyo Main branch】 Tagalog&Bisaya&English:Lunes ~ Biyernes 8:30am~5:00pm/Portuguese:Lunes,Martes,Huwebes,Biyernes 8:30am~5:00pm/Spanish:Lunes,Miyerkules~Biyernes 8:30am~4:30pm  
 ※Walang Interpreter: 12:00pm~1:00pm.  
 【Oigawa branch】 Portuguese: Abril 4 & 18 (Ika-1 & Ika-3 na Huwebes) 8:30am~11:30am  
 Tagalog•Bisaya•English: Abril 10 & 24 (Ika-2 & Ika-4 na Miyerkules) 9:00am~11:30am

## Iskedyul ng Interpreter (Tsuyaku no sukejuru)

Paalala ukol sa iskedyul ng mga interpreter simula sa Abril. Komunsulta sa mga Interpreter kapag nagkaroon ng inaalalang bagay. Gagabayan ka namin sa naangkop na tanggapan sa Munisipyo at sa ibang makokonsultahang institusyon bukod sa Munisipyo.

Matatawagan:Seksyon ng Tangkagal sa Pakikipagtulungan (Kyodo Suishin-ka) ☎054-626-2191

### 【Yaizu City Hall (Main branch)】

| Interpreter  | Lunes   | Martes                           | Miyerkules                       | Huwebes                          | Biyernes                         |
|--|---|----------------------------------|----------------------------------|----------------------------------|----------------------------------|
| Tagalog • Bisaya • English   | ●8:30am-12:00pm<br>1:00pm-5:00pm  | ●8:30am-12:00pm<br>1:00pm-5:00pm | ●8:30am-12:00pm<br>1:00pm-5:00pm | ●8:30am-12:00pm<br>1:00pm-5:00pm | ●8:30am-12:00pm<br>1:00pm-5:00pm |
| Portuguese   | ●8:30am-12:00pm<br>1:00pm-5:00pm  | ●8:30am-12:00pm<br>1:00pm-5:00pm | ×                                | ●8:30am-12:00pm<br>1:00pm-5:00pm | ●8:30am-12:00pm<br>1:00pm-5:00pm |
| Spanish  | ●8:30am-12:00pm<br>1:00pm-4:30pm  | ×                                | ●8:30am-12:00pm<br>1:00pm-4:30pm | ●8:30am-12:00pm<br>1:00pm-4:30pm | ●8:30am-12:00pm<br>1:00pm-4:30pm |
| Madaling Nihongo   | ●8:30am-12:00pm<br>1:00pm-5:00pm  | ●8:30am-12:00pm<br>1:00pm-5:00pm | ●8:30am-12:00pm<br>1:00pm-5:00pm | ●8:30am-12:00pm<br>1:00pm-5:00pm | ●8:30am-12:00pm<br>1:00pm-5:00pm |
| Vietnamese,Thai, Myanmarese, Bahasa Indonesia, Chinese,Nepalese at ibang 16 wika | May gadget saan makakausap niyo ang Interpreter sa Video call.<br>Depende sa wika,may kaibahan sa oras na makakausap ang Interpreter. |                                  |                                  |                                  |                                  |

### 【Yaizu City Hall (Oigawa branch)】 <Abril> Tagalog • Bisaya • English...4/10 & 4/24/Portuguese...4/4 & 4/18

| Interpreter  | Lunes   | Martes | Miyerkules                             | Huwebes                                | Biyernes |
|--|---|--------|--|--|----------|
| Tagalog • Bisaya • English   | Gadget  | Gadget | ※Ika-2 • Ika-4 lang<br>●9:00am-11:30am | Gadget                                 | Gadget   |
| Portuguese   | Gadget  | Gadget | Gadget                                 | ※Ika-1 • Ika-3 lang<br>●8:30am-11:30am | Gadget   |
| Vietnamese,Thai, Myanmarese, Bahasa Indonesia, Chinese, Nepalese at ibang 16 dayuhang wika | May gadget saan makakausap niyo ang Interpreter sa Video call.<br>Depende sa wika,may kaibahan sa oras na makakausap ang Interpreter. |        |  |  |          |

## Pagtanggap ng aplikasyon sa nais tumira sa Pampublikong Pabahay (Koei jutaku boshu)

Ilalabas ang anunsyo tungkol sa bakanteng silid ng Municipal Housing at Prefectural Housing tuwing ika-10 ng buwan mula sa tanggapan ng Munisipyo o website ng Kooperasyon ng Suplay ng Publikong Pabahay sa Lalawigan ng Shizuoka:Shizuoka-ken Jutaku Kyokyu Kosha (<http://www.sjkk.or.jp/>). Sa mga nais tumira sa Municipal Housing at Prefectural Housing,manyaring kumpirmahin muna ang impormasyon bago mag-aplay.

【Pagtanggap ng Aplikasyon】 Kada buwan simula sa ika-10 hanggang ika-18

【Paraan ng Aplikasyon】 Sulatan ng kinakailangang impormasyon ang application form at ipadala o direktang dalhin ito sa Kooperasyon ng Suplay ng Publikong Pabahay sa Lalawigan ng Shizuoka (Shizuoka-ken Jutaku Kyokyu Kosha).

※Sa karagdagang detalye tulad ng katayuan at iba pa.Basahin ang pamphlet o magtanong tungkol sa kwalipikasyon sa pag-aaplay.

【Matatawagan】 Municipal Housing(Shiei Jutaku)・・・Seksyon ng Arkitektura at Pabahay (Kenchiku Jutaku-ka) ☎054-626-2163



**【Matatawagan·Sa Aplikasyon】**

Municipal Housing at Prefektural Housing···Kooperasyon ng Suplay ng Publikong Pabahay sa Lalawigan ng Shizuoka Seksyon ng Serbisyo sa Pabahay(Shizuoka-ken Jutaku Kyokyu Kosha Jutaku Sabisu-ka)

☎054-255-4824

**■Proseso sa Pambansang Seguro sa Kalusugan (Kokumin kenko hoken)■**

Kailangan gawin ang proseso para sa Pambansang Seguro sa Kalusugan kapag nagsimulang magtrabaho o huminto at nagbago ang Seguro sa Kalusugan. Ang prosesong ito ay hindi magagawa sa kompaniya. Huwag niyong kalimutan na magpunta sa Munisipyo.

**■Sa pagpasok sa Pambansang Seguro sa Kalusugan(Kokumin Kenko Hoken)■**

**【Angkop】** ·Taong huminto sa trabaho at natanggalan ng Seguro sa Kalusugan mula sa kompaniya

·Taong naalis sa pagiging dependent sa Seguro sa Kalusugan

**【Dadalhin】** ①「Sertipiko ng Pag-urong: *Dattai Renrakuhyo*」ng huling pinasukan na Seguro sa Kalusugan (Kunin mula sa kompaniya)

②ID na mayroong larawan(Residence card,Driver’s liscense atbp.)

③Patunay ng My number ④Pension book(taong 60 taong gulang pababa)

**■Sa pag-alis sa Pambansang Seguro sa Kalusugan(Kokumin Kenko Hoken)■**

**【Angkop】** ·Nag-umpisang magtrabaho at pumasok sa Seguro sa Kalusugan ng kompaniya

·Taong naging dependent sa Seguro ng Kalusugan

**【Dadalhin】** ①Bagong bigay na Kard ng Seguro sa Kalusugan o Sertipiko ng Pagsali: *Kanyu Shomeisho* mula sa komapaniya atbp. ②Kard ng Pambansang Seguro sa Kalusugan

③ID na mayroong larawan(Residence card,Driver’s liscense atbp.) ④Patunay ng My number

**【Saan mag-uulat】** Seksyon ng Pambansang Seguro at Pensyon(Kokuho Nenkin-ka) o Sentro ng Serbisyon Mamamayan sa Oigawa(Oigawa Shimin Sabisu Senta)

**【Matatawagan】** Seksyon ng Pambansang Seguro at Pensyon(Kokuho Nenkin-ka) ☎054-626-1113



**■Mabibigyan ng iksemsyon sa Premyun ng Pambansang Pensyon(Kokumin Nenkin) at**

**Buwis ng Pambansang Seguro sa Kalusugan(Kokumin Kenko Hokenzei) bago at matapos**

**ang panganganak (Shussan mae to ato ha Kokumin nenkin to Kokumin Kenko Hoken ga menjo) ■**

May iksemsyon sa premyum ng Pambansang Pensyon(Kokumin Nenkin) at Pambansang Seguro sa Kalusugan(Kokumin Kenko Hokenzei) sa loob ng apat na buwan simula sa takdang araw ng panganganak o kaya sa nakaraang buwan bago ang panganganak.

※Angkop ang nagdadalang-tao higit sa 85 ka araw(4 na buwan) at nanganak.

(kasali ang pagsilang ng patay na sanggol, pagkalaglag,napaagang panganganak)



**Ukol sa Pambansang Pensyon(Kokumin Nenkin)**

**【Matatawagan】** Seksyon ng Pambansang Seguro at Pensyon(Kokuho Nenkin-ka) ☎054-626-1114

**Japan Pension Service Shimada Pension Office (Nippon Nenkin Kiko Shimada Nenkin Jimusho) ☎0547-36-2211**

**Ukol sa Pambansang Seguro sa Kalusugan(Kokumin Kenko Hoken)**

**【Angkop】** Taong sumali sa Pambansang Seguro sa Kalusugan ng Yaizu city at Nagsilang sa magkasunod na buwan mula Nobyembre,2023

**【Matatawagan】** Seksyon ng Pambansang Seguro at Pensyon(Kokuho Nenkin-ka) ☎054-626-1113

**■Rubella Antibody Test·Preventive vaccination(Fushin no kotai kensa yobo sesshu) ■**

Sa mga lalaking isinilang sa mga panahon mula Abril 2,1962~Abril 1,1979, kami po ay nagpadala ng coupon ticket tungo sa mga taong walang tala ng Rubella antibody test at Preventive vaccination sa punto ng Fiscal year 2023. Sa hindi sumailalim ng antibody test,gamitin ang coupon ticket sa pagsusuri.Magtanong para sa karagdagang detalye.

※Hanggang Marso,2025 lamang makakapagbakuna gamit ang publikong pondo.

**【Matatawagan】** Seksyon sa Pag-aalaga ng Kalusugan(Kenko Zukuri-ka)

(Sentro ng Kalusugan:Hoken Senta) ☎054-627-4111



**■「Medical Information Net」 Iryo Joho Net■~Makakahanap ng Ospital·Botika a iba’t-ibang wika,kahit kailan!~**  
~Iroirona gengo de, itsudemo Byoin·Yakkyoku ga sagasemasu!~

Ang「IRYO JOHO NET」 ay sistema ng kung saan maaaring makapaghanap ng Ospital·Botika sa buong bansa at pagkolekta ng impormasyon.

Mayroong paggana ng pagsasalin at pagbabasa gamit ang boses sa mga iba’t-ibang wika tulad ng English,Portuguese,Spanish,Tagalog,Chinese atbp.

**「IRYO JOHO NET」 WEBSITE :**

<https://www.iryoo.teikyouseido.mhlw.go.jp/znk-web/juminkanja/S2300/initialize>



QR code



**■ Siguraduhing mabakunahan ang iyong aso (Inu no Yobo Chusha) ■**

Ayon sa Rabies Prevention Law, ang tagapangalaga ng isang aso ay obligadong magpabakuna sa alagang aso ng panlaban sa rabies isang beses kada taon.

※Mangyaring tumawag sa animal clinic tungkol sa bayad ng bakuna.

1. Matapos tumanggap ng rabies prevention vaccine, humingi ng vaccination certificate slip (Kulay asul na plaka) mula sa animal clinic.
2. Kapag hindi nabigyan ng Vaccination Certificate slip sa Animal clinic, pumunta sa tanggapan ng munisipyo sa ibaba upang makakuha.

**【Lugar ng Tanggapan】** Tagapangasiwa sa Kalikasan: Kankyo-ka (Munisipyo Main branch 3<sup>rd</sup> floor) o Sentro ng Serbisyo ng Mamamayan: Oigawa Shimin Sabisu Senta (Oigawa branch 1st floor)

**【Oras ng Tanggapan】** Lunes-Biyernes (Hindi nabibilang ang Pista Opisyal) 8:30am-5:15pm

**【Kailangang Dalhin】** ¥550 para sa Issuance fee, Libreng alagang aso (Aiken techo), Sertipikong nagpapatunay na nabakunahan (Dokumentong ibibigay ng klinik) (Chusha zumisho)

**【Matatawagan】** Seksyon ng Tagapangasiwa sa Kalikasan (Kankyo-ka) ☎054-626-2153



**■ Ayuda sa paglagay ng solar power · storage battery · V2H (Taiyoko/chikudenchi/V2H secchi hojo) ■**

Para sa mga paglagay ng residential solar power system, residential lithium-ion storage battery system, at vehicle-to-home (V2H) sa mga bahay na tinayo sa lungsod, ang Yaizu city ay magbibigay ng parsyal na subsidiya para sa pagkabit nito. Magtanong para sa karagdagang detalye.

**【Panahon ng Pagtanggap】** Abril 3 (Miyerkules) ~ Enero 31, 2025 (Biyernes)

※Kapag madami ang bilang ng aplikasyon ay possibleng matapos ng maaga.

**【Matatawagan】** Seksyon ng Tagapangasiwa sa Kalikasan (Kankyo-ka)

☎054-626-2153



**■ Nangungulekta ng Lumang damit na magagamit muli ■**

(Ri yusu furugi wo atsumete imasu)

Ang tinutukoy na 「Lumang damit na magagamit muli」 ay bagay na maaaring suotin tulad ng damit, sapatos, bag at iba pa. Kinukulekta ang Lumang damit na magagamit muli sa Yaizu City Hall Main branch 1<sup>st</sup> floor Elevator hall at Mini station.

Ang kinulektang lumang damit ay gagamitin bilang “Pinaglumaang damit: used clothings” sa Japan at Dayuhang bansa. Kung mayroon mga ibang damit na masusuot pa, manyaring dalhin ito.

|                        |   |   |
|------------------------|---|---|
| <b>【Lugar at Oras】</b> | Yaizu City Hall Main branch 1 <sup>st</sup> floor<br>Mini station Higashimashizu (Nakazato 176)<br>Mini station Koyashiki (Koyashiki 573)<br>Mini station Riemon (Riemon 856-1) | Elevator hall: Lunes~Linggo 8:00am~8:00pm<br>Huwebes~Linggo 9:00am~4:00pm |
|------------------------|---|---|



**【Bagay na kukulektahin】** Re-usable na lumang damit (Magagamit pa na damit, sapatos, bag atbp.)

※Hindi maaaring ilagay ang madumi, may amoy at basang bagay.

Pakitapon sa Nasusunog na basura ang Unan, Kumot, Futon, Kumot, Kutson, Bota (Gawa sa goma) atbp.

**【Paraan ng Pagtapon】** Ilagay sa transparent o semi-transparent na supot.

Ihiwalay ang supot ng sapatos at damit. (Maaaring itapon lamang ang sapatos ng nakapares.)

**【Matatawagan】** Seksyon ng Tagapangasiwa sa Kalikasan (Kankyo-ka) ☎054-626-1130



**焼津みなとまつり Yaizu minato matsuri**

Mayroong masasayang kaganapan tulad ng pagbebenta ng produktong dagat, raffle, sayaw at iba pa.

**【Araw at Oras】** Abril 7 (Linggo)  
9:30am-2:30pm

**【Lugar】** Palaisdaang puwerto ng Yaizu  
Inner port (Yaizu Gyoko Yaizu Naiko)

**【Matatawagan】**

Yaizu Minato Matsuri Executive Committee Office  
(Yaizu Minato Matsuri Jikko Iinkai Jimukyoku)  
(Loob ng Kamara ng Komersiyo sa Yaizu: Yaizu Shoko Kaigishonai) ☎054-628-6252



**大井川港朝市 Oigawa ko asa ichi**

Mayroong paninda tulad ng lokal na produkto ng Yaizu atbp. (preskong dulong, sakura shrimp atbp.) at iba't-ibang masayang kaganapan.

**【Araw at Oras】** Abril 29 (Lunes · Pistang Opisyal)  
8:00am-12:00pm

**【Lugar】** Unyon ng Pangangisda sa Oigawa port  
Fish Market at Paradahan:

Oigawa-ko Gyogyo Kyodo Kumiai Uo-ichiba · Chushajo

**【Matatawagan】** Opisina ng Kapulungan ng  
Nag-organisa ng Umagang pamilihan sa Oigawa port  
(Oigawa ko Asaichi Jikko Iinkai Jimukyoku)

(Loob ng Kamara ng Komersiyo sa Oigawa: Oigawa Shokokainai) ☎054-622-0393



■ **Libreng Konsultasyon (Muryo sodan)** ■ ※May pagkakataon na biglang walang serbisyo.

| Konsultasyon  | Araw at Oras  | Matatawagan   | Nilalaman   |
|---|---|---|---|
| <b>Konsultasyon sa bayarin ng Buwis</b><br><br><b>【Abril】</b> | <b>【Lunes-Biyernes】</b><br>8:30am-12:00pm, 1:00pm-4:30pm<br>【Konsultasyon sa Huwebes ng Gabi】<br>←Walang Interpreter.<br><u>Abril 4,11,18,25</u> 5:15pm-7:00pm<br><br><b>【Konsultasyon sa Linggo】</b><br>←Ika-4 na Linggo ng kada buwan<br><u>Abril 28</u> 9:00am-12:00pm | Yaizu City Hall<br>(Yaizu Shiyakusho)<br>Seksyon ukol sa bayarin ng buwis (Nozei Sokushin-ka)<br>☎054-626-1140<br>☎054-626-2148 | Kapag hindi mababayaran ang buwis sa nakatakdang petsa ng pagbayad,magpunta at komunsulta.<br>※May Interpreter sa Tagalog,Bisaya,Portuguese sa araw ng linggo.<br>※Nagbago ang oras mula sa Abril.<br><b>【Konsultasyon sa Huwebes ng gabii】</b><br>5:15pm-7:00pm<br><b>【Konsultasyon sa Linggo】</b><br>9:00am-12:00pm |
| VISA  | Lunes-Biyernes<br>8:30am-5:15pm   | Sentro ng impormasyon para sa mga residenteng dayuhan(Nagoya)<br>☎0570-013904   | Ukol sa proseso ng pagpasok sa bansa at Proceso ng pananatili (English · Korean · Chinese · Spanish at iba pa.)   |

■ **Iskedyul ng Ospital at Botika sa Linggo at Holiday (Abril)** ■ ※May pagkakataon na magbago.

【Oras:8:30am~5:00pm(Ang may marka na ☆ ay 9:00am~5:00pm) Dentista: 9:00am~3:00pm】

**【7(Linggo)】** **NAI-KA(Internal Medicine)** Yamanote clinic (Sekigata) ☎620-1911  
**SHONI-KA(Pediatric)** Horio shonika (Nishikogawa 2) ☎626-5500 **GE-KA(External Medicine)** Kanai seikeigeka (Omura 2) ☎621-1211 **JIBI-KA(Otolaryngology)** Fujieda aoba jibi inkoka☆(Fujieda-shi suehiro1) ☎634-1331 **SHI-KA(Dentistry)** Harazaki shika ojima clinic (Ojima) ☎623-3777 **YAKKYOKU(Pharmacy)** Yaizu nozomi yakkyoku (Sekigata) ☎621-5995,Sakura yakkyoku yaizu nishikogawa-ten (Nishikogawa 1) ☎620-8844, Yukari yakkyoku (Omura 2) ☎626-5000

**【14(Linggo)】** **NAI-KA(I.M)** Nogaki clinic (Ishizu) ☎656-0101 **NAI-KA(I.M) / SHONI-KA(Pediatric)** Takii clinic☆(Aikawa) ☎622-8525 **SHONI-KA(Pediatric)** Sone shonika (Gokahorinouchi) ☎620-8814  
**GE-KA(E.M)** Okubo iin (kamikosugi) ☎622-2500 **JIBI-KA(Otolaryngology)** Tanaka jibika (Oyaizu) ☎621-5888  
**SHI-KA(Dentistry)** Sonobe shika iin (Yagusu 1) ☎626-3854 **YAKKYOKU(Pharmacy)** Yotsuba yakkyoku (Ishizu) ☎625-0005, Flower yakkyoku toyoda-ten (Gokahorinouchi) ☎639-6277, My yakkyoku (Kamikosugi) ☎662-1677, Sakura yakkyoku yaizu oyaizu-ten (Oyaizu) ☎620-7500

**【21(Linggo)】** **NAI-KA(I.M)** Takahashi naika iin (Yaizu 1) ☎627-0320 **SHONI-KA(Pediatric)** Honda shonika iin (Daieicho 2) ☎628-0113 **GE-KA(E.M)** Koido icho clinic (Kohiji) ☎621-5100  
**JIBI-KA(Otolaryngology)** Fujieda shinryojo☆(Fujieda-shi Takasu) ☎635-8749 **GAN-KA(Ophthalmology)** Yaizu ekimae ganka (Ekikita 1) ☎626-8240 **SHI-KA(Dentistry)** Yasumoto shika iin (Dobara) ☎639-5489  
**YAKKYOKU(Pharmacy)** Yaizu senta yakkyoku (Yaizu 1) ☎626-8892, Melon yakkyoku (Daieicho 1) ☎629-8862

**【28(Linggo)】** **NAI-KA(I.M)** Hatakeyama clinic (Higashikogawa 8) ☎621-5971 **SHONI-KA(Pediatric)** Koido clinic (Yaizu 4) ☎627-0339 **GE-KA(E.M)** Shida kinen noshinkeigeka (Oyaizu) ☎620-3717 **SHI-KA(Dentistry)** Matsumoto shika (Yanagiaraya) ☎627-4182 **YAKKYOKU(Pharmacy)** Emu heart yakkyoku Kogawa-ten (Higashikogawa 8) ☎671-1701, Sakura yakkyoku nishi yaizu-ten (Oyaizu) ☎621-4606

**【29(Pista Opisyal)】** **NAI-KA(I.M)** Tachibana clinic (Gokahorinouchi) ☎620-9191 **NAI-KA(I.M) / SHONI-KA(Pediatric)** Sato iin (Tajiri) ☎624-4804, Yokoyama shokaki naika☆(Shimokosugi) ☎622-0045 **GE-KA(E.M)** Otomi Riumachi seikeigeka (Nakashinden)☎656-2221 **JIBI-KA(Otolaryngology)** Fujieda jibika☆(Fujieda-shi kamiyabuta) ☎648-1000 **SHI-KA(Dentistry)** Asahi shika (Ekikita 3) ☎626-3363  
**YAKKYOKU(Pharmacy)** Family yakkyoku (Gokahorinouchi) ☎621-7200, Flower yakkyoku tajiri-ten (Tajiri) ☎656-3755, Wakakusa yakkyoku Otomi-ten (Nakashinden) ☎623-3939, Nishijima yakkoku (Ekikita 2) ☎628-7061, Shimokosugi yakkyoku (Shimokosugi) ☎664-2151

■ **Pang-gabi na Ospital (Yakan Shinryo Iryo Kikan)** ■

Lugar: Shida Haibara Chiiki Kyukyu Iryo Senta(Fujieda Shi Setoaraya 362-1) ☎054-644-0099

Departamento: Internal Medicine, Pediatric ※Pedia lamang ang sumusunod na iskedyul sa gabi 10:00pm pataas:

Oras: Lunes~Biyernes (7:30pm~10:00pm)/ Sabado at Linggo (7:30pm hanggang kinaumagahan ng 7:00am)

**<Abril 6(Sabado),14(Linggo),20(Sabado),28(Linggo),Mayo 4(Pista Opisyal)>**

• Magpapalit po ng pangalan ang SHIMIN KYODO-KA.

**SHIMIN KYODO-KA(市民協働課) → KYODO SUISHIN-KA(協働推進課)**

Ang lugar telephone number(054-626-2191) ay hindi magbabago.

• Magsisimula sa Abril ang **Fiscal Year 2024(Reiwa 6)** . Simula sa Abril 2024(Reiwa 6)~Marso 2025(Reiwa 7).

